

Multimodal na Proyekto sa East Bay Greenway

Proyekto sa E. 14th St/Mission Blvd.

Layunin ng Proyekto

- Bumuo ng 16 na milyang pagpapaganda sa north-south na daanan para sa pagbibisikleta at pagbiyahe sa mga lokal na kalye: San Leandro Blvd., at E. 14th St. at Mission Blvd. at mga connecting street sa mga istasyon ng BART sa Hayward
- Suportahan ang pag-unlad ng pabahay at trabaho sa pamamagitan ng mga sustainable na opsyon sa transportasyon
- Dagdagan at suportahan ang mga pasahero ng transit sa pamamagitan ng pagpapahusay ng access sa mga bus stop, pagiging maaasahan ng serbisyo, at kaligtasan

Mithiin ng Central County para sa East Bay Greenway

- Ligas at de-kalidad na opsyon para sa pagbibisikleta at paglalakad para sa lahat ng tao anuman ang edad at kakayahan
- Serbisyo sa transit na pantay-pantay na pinagsisilbihan ang mga komunidad at sumusuporta sa pag-unlad ng pabahay at trabaho
- Mgaistratehiya sa transportasyon na magpapaganda sa mga kasalukuyang komunidad at susuporta sa bagong pag-unlad

Mga Benepisyo ng East Bay Greenway


Pangmalapitang panahon: Multimodal na East Bay Greenway

- Mga class IV na daanan ng bisikleta, may buffer na bike lane, at ruta ng pagbibisikleta sa komunidad
- Mga pinahusay na bus shelter at stop
- Mga mas maikli at mas ligtas na tawiran
- Paglalagay ng landscaping at ilaw
- Paglalagay ng landmark at mga artistic enhancement

Pangmatagalan: Urban na Daanan ng East Bay Greenway

Pangkalahatang-ideya ng East Bay Greenway (EBGW)

Ang matagal nang proyektong EBGW, na gagawa ng daanan sa mga riles, ay hinati na sa dalawang multimodal na proyekto, iyon ay pangmatagalan at pangmalapitang panahon, na bubuo ng mga pasilidad para sa pagbibisikleta, paglalakad, at transit sa mga kalsada mula sa istasyon ng BART sa Lake Merritt sa Oakland papunta sa istasyon ng BART sa South Hayward. Pagdurugtungin ng EBGW ang 7 istasyon ng BART at kasama rin dito ang mga pagpapaganda sa kalye at bangketa na magpapaganda sa mga kasalukuyang kalsada at susuporta sa mga lokal na negosyo.



Iskedyul ng East Bay Greenway

Winter 2021-2022:

Pakikilahok ng Ahensya

Spring 2021-2022:

Advance early engineering, pangkalkasang pagsusuri, paghahanap ng pondo para sa konstruksyon

Spring 2022:

Pakikilahok ng Publiko sa San Leandro

Summer-Fall 2022:

Pakikilahok ng Publiko sa Ashland, Cherryland, at Hayward

2023:

Pinal na Disenyo at Engineering

2024:

Konstruksyon Habang Isinasagawa ang Pagpopondo



Mga pedestrian na ginagamit ang ADA accessible na tawiran (Phil Erickson, DC+A)



May landscape at protektadong daanan ng bisikleta sa Oakland (Derek Magee, CD+A)



Protektadong daanan ng bisikleta na may green stormwater infrastructure buffer (Phil Erickson, CD+A)

Ekonomikong Pag-unlad



Ang Nakalap Namin

Ibinahagi ng mga lokal na negosyo at ahensya ng ekonomikong pag-unlad ang mga sumusunod na pananaw



- Unahin ang pamamahala sa pangangailangan sa parking
- Gumagawa ang mga bagong pag-unlad ng mga oportunidad para sa pabuo ng mga sentrong puwedeng lakaran at bagong pampublikong espasyo




- Bigyang-diin ang suporta sa mga negosyong nauugnay sa pagkain
- Magpatupad ng mga programang sumusuporta sa mga lokal na negosyo, tulad ng Façade Improvement Grant Program na ginawa para suportahan ang mga negosyo

Pangkalahatang-ideya ng Ekonomikong Pag-unlad

Nakikipagtulungan ang Alameda CTC sa mga residente, negosyo, at ahensya ng lungsod para suportahan ang kasalukuyang komunidad at maghanda para sa paglaki ng populasyon sa hinaharap sa pamamagitan ng pag-aangkop ng mga pagpapahusay sa transportasyon sa mga oportunidad para sa ekonomikong pag-unlad at placemaking sa kahabaan ng E. 14th St. at Mission Blvd.

Mapapaganda ang mga pagpapahusay sa pagbibisikleta at transit sa pamamagitan ng mga elemento ng urban design na sumusuporta sa mga negosyo at pampublikong espasyo na nakakahikayat sa mga tao na pumunta sa lugar. Kabilang sa mga halimbawa ang mga bagong pop-up na espasyo, mga mas pinagandang disenyo ng harapan ng negosyo, at pagpapakita ng likhang sining na inaprubahan ng lokal na komunidad. Panghuli, puwedeng gamitin ang pamamahala sa parking at curb para suportahan ang multimodal na paggamit at aktibidad ng negosyo.

Mga Lugar ng Oportunidad



Legend

BART

Mga Kalye ng Proyekto

Mga Pagpapahusay ng Partner na Ahensya


Intersection

Parking


Development

Mga Potensyal na Pagpapahusay

Oportunidad na pagandahin ang pampublikong espasyo gamit ang muwebles, iba pang pagpapaganda



- Puwedeng magsama ng sining sa mga elemento ng streetscape o street furniture
- Puwedeng gamitin ang mga protektadong daanan ng bisikleta para makapaglagay ng mas maraming halaman sa lugar



- Posibleng may mga lugar kung saan puwedeng gumawa ng dagdag na pampublikong espasyo sa mga skewed o masyadong malalaking intersection
- Kapag nagdaos ng mga event sa mga surface lot, magagamit ang bakanteng espasyo at makakasalamuha ng mga residente ang isa't isa

Sa anong pagpapahusay ka interesado?

Ano pang komento ang dapat naming isaalang-alang?